# O mga tao, maghinay-hinay kayo sa mga sarili ninyo sapagkat tunay na kayo ay hindi dumadalangin sa bingi ni sa nakaliban. Tunay na Siya ay kasama ninyo. Tunay na Siya ay nakaririnig, malapit.

Ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy, malugod si Allah sa kanya, na nagsabi: "Kami noon ay kasama ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, sa isang paglalakbay. Kami noon kapag pumaitaas sa isang lambak ay nagsasabi ng Lā ilāha illa -llāh, nagsasabi ng Allāhu akbar at tumataas ang mga tinig namin. Kaya nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: O mga tao, maghinay-hinay kayo sa mga sarili ninyo sapagkat tunay na kayo ay hindi dumadalangin sa bingi ni sa nakaliban. Tunay na Siya ay kasama ninyo. Tunay na Siya ay nakaririnig, malapit."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan. Ang pananalita ay kay Imām Al-Bukhārīy]

Ang ḥadīth ayon kay Abū Mūsā Al-Ash`arīy, malugod si Allah sa kanya, ay na sila noon ay kasama ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, sa isang paglalakbay, at sila ay nagsasabi ng Lā ilāha illa -llāh, nagsasabi ng Allāhu akbar at nagtataas ng mga tinig nila. Kaya nagsabi ang Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan: "O mga tao, maghinay-hinay kayo sa mga sarili ninyo." Nangangahulugan ito na magdahan-dahan kayo at huwag kayong magpahirap sa mga sarili ninyo sa pagtataas ng tinig sapagkat tunay na kayo ay hindi dumadalangin sa bingi ni sa nakaliban. Dumadalangin lamang naman kayo sa Nakaririnig, Tumutugon at Malapit. Siya, si Allah, kamahal-mahalan Siya at kapita-pitagan, ay hindi nangangailangan ng pahirapan ninyo ang mga sarili ninyo sa pagtataas ng tinik sa pagluluwalhati, pagpupuri, at pagdakila dahil si Allah, pagkataas-taas Niya, ay nakaririnig at nakakikita. Siya ay malapit, kapita-pitagan Siya at kataas-taasan, gayong Siya ay nasa ibabaw ng mga langit ngunit Siya ay nakasasaklaw sa bawat bagay, kapita-pitagan Siya at kataas-taasan. Ang sabing "Dumadalangin lamang naman kayo sa Nakaririnig, Tumutugon at Malapit." ay mga anyo ng pagpapalabis para kay Allah dahil si Allah, pagkataas-taas Niya, ay ganap sa kalubusan sa mga katangiang ito. Kaya naman walang nakalulusot sa pandinig niya na anumang kilos kahit pa man ikinubli. Naririnig niya ang gapang ng langgam sa ibabaw ng matigas na bato sa kadiliman ng gabi at hingi na kubli pa kaysa roon. Hindi rin natatabingan ang paningi NIya ng anuman sa mga hadlang. Siya ay Tunay na Siya ay kasama ninyo. Tunay na Siya ay nakaririnig, malapit."

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee